Magagandang website na dapat subukan:
www.literacytrust.org.uk/resources/?phase=early-years
www.learnenglishkids.britishcouncil.org/helping-your-child/how-start-teaching-kids-english-home
www.booktrust.org.uk/books-and-reading/tips-and-advice/reading-tips/
Maraming ideya ng aktibidad para sa pagkanta at pagsasalita

www.mantralingua.com
Maraming magagandang aklat at games na mabibili sa maraming wika

www.bbc.co.uk/cbbc
Mga game at aktibidad na ibabahagi sa iyong anak

Tandaan na maraming bagay ang mapag-uusapan: pamimili….pagluluto….paglalakad sa parke….pagpunta ng mga kaibigan at maglaro ….pagtatanim ng mga buto……pagbabahagi ng kwento……



**PALAGI LAMANG MAGSALITA!**

SOMERSET County Council

# Palaging Magsalita

## Ang mga batang mag-aaral ay nag-aaral ng Ingles bilang Karagdagang Wika o English as an Additional Language (EAL)



### Gabay para sa mga Magulang at Mga Tagapagsanay sa Mga Unang Taon Practitioners

Nilikha ng Ethnic Minority Achievement Service and the Foundation Stage Advisory Team, Somerset County Council, alinsunod sa dokumento ng EYFS na "Supporting Children Learning English as an Additional Language" at ng EYFS Framework

**Nagsasalita ako ng iba pang wika sa bahay. Dapat ba akong makipag-usap sa anak ko sa wikang Ingles lamang?**

Hindi. Makipag-usap sa inyong anak sa wika na alam na alam mo. Laging makipag-usap sa kanila!
Magbibigay ito sa inyong anak ng pinakamagandang simula. dahil magkakaroon sila ng maganda at matibay na pundasyon sa wikang ito. Natuklasan ng mga siyentipiko na ang mga bata na natutong mabuti ng wika sa kanilang tahanan, ay mas madaling matuto ng iba't ibang wika.
Kapag huminto ka sa pagsasalita ng inyong sariling wika, mas mahihirapan din ang anak mo na umunlad ang kanilang kakayahan sa pag-iisip.

**Ngunit paano matututo ng Ingles ang inyong anak?**

Ang mga bata ay mahusay na matututo ng Ingles mula sa mga likas na nagsasalita ng Ingles. Matututo sila ng Ingles nang mas madali kapag napakahusay nila sa pagsasalita ng wika sa tahanan, mauunawaan nila ang tungkol sa wika, at paggamit ng mga salita, at sa pakikipag-usap din. Ang pinakamabuting bagay na mgagawa mo para tulungan ang inyong anak sa pagsasalita ay makipag-usap at makipaglaro sa inyong anak, gamit ang inyong pangunahing wika.

**Nag-aalala ako baka hindi makapagsalita ng Ingles ang aking anak kapag nagsimula na silang pumasok sa paaralan.**

Matutulungan mo ang inyong anak sa pamamagitan ng pagpapadala sa kanila sa nursery, Tagapangalaga ng bata o kapaki-pakinabang na palaruan.

**Kumusta naman ang telebisyon?**

TV para ipakita sa mga bata ang mga lugar at bagay na hindi nila karaniwang nakikita, at matuturuan ang mga anak ng mga awitin, at ilang wikang Ingles. Magandang manood ng telebisyon kasama ang mga bata. Ngunit hindi matuturuan ng telebisyon ang inyong anak ng Ingles, dahil wala iyong pag-uusap. Ang pakikipag-usap sa inyong anak ang paraan para matuto ng wika.

**2 wika ang sinasalita namin sa bagay. Baka malito ang aking anak sa 2.**

Magandang ideya na magdesisyon kung anong wika bawat isa sa inyo ang sasalitain ng iyong anak, pagkatapos ay isasama sa isang wika ng isang magulang, at iba pang wika sa isa pang magulang. Makatutulong para huminto ang pagkalito ng inyong anak.

**Ingles lamang ba ang sasalitain ng anak ko sa paaralan?**

Oo, karaniwan ngunit minsan maaaring magsalita ang inyong anak ng kanilang pangunahing wika kapag may ibang mga mag-aaral na maaari nilang makausap. Hindi ito pipigil sa inyong anak na matuto ng Ingles, ito ay magiging kapaki-pakinabang, lalo na sa pag-iisip at pagsasalita ng inyong anak.

Ang iyong pangunahing wika ay napakahalaga. Magkakaroon kayo ng napakagandang usapan gamit ito, at mapananatili mo ang pakikipag-usap sa lahat ng kapamilya. Napakaganda na magkaroon ng dalawang wika!